SFU FACULTY OF EDUCATION | FRIENDS OF SIMON

tel +1 778 782 7342
sfu.ca/fostutor

# Paano Gamitin Ang Zoom

A message from your Friends of Simon Tutors:

Hi awesome Friends of Simon students! We've missed you very much, and we are happy to be able to connect with you again virtually. As you may already know, your Friends of Simon tutoring sessions are transitioning to virtual tutoring, and we understand that transitioning to virtual learning can be challenging.

This document is intended to walk you through the basics of how to use Zoom for our Friends of Simon virtual tutoring sessions. Please use the table of content below to quickly access the different topics featured in this manual.

Simon Fraser University
Education Building 8520
8888 University Drive
Burnaby BC
Canada V5A 1S6


## Talaan ng Nilalaman

**Paano mag-download ng Zoom** **3**
Step 1: Magdownload mula sa website ng zoom 3
Step 2: Panimula ng pag download 3
Step 3: Nagsisimula na ang pagdownload 3
**Paano i-install ang Zoom** **4**
Step 1: Buksan ang pang-install ng Zoom 4
Step 2: Panimula ng pag-install 4
Step 3: Pagkatapos ng pag-install 4
**Paano sumali sa Zoom miting** **5**
Pagsali sa Miting Gamit ang Invitation Link 5
Step 1: Paghanap sa Detalye ng Imbitasyon 5
Step 2: Pagsali gamit ang link 6
Step 3: Pagsali ng Meron o Walang Video 7
Step 4: Pagpasok sa Waiting Room 8
Pagsali sa Miting Gamit ang Miting ID at Password 9
Step 1: Pagsimula ng Zoom Application 9
Step 2: Pagsali ng Miting 10
Step 3: Pag-type ng Miting ID pati Pangalan 11
Step 4: Pagtype ng Password 12
Step 5: Pagsali ng Meron o Walang Video 13
Step 6: Pagpasok sa ‘Waiting Room’ 14

# Paano mag-download ng Zoom

## Step 1: Magdownload mula sa website ng zoom

I-Click ang link: [zoom.us/support/download](zoom.us/support/download) para masimulan ang pagdownload ng Zoom




## Step 2: Panimula ng pag download


Pag click sa link, awtomatikong magsisimula ang pag download.
Kung hindi, i-tsek kung ang pop-up blocking function ay gumagana sa iyong browser.
Kung oo, itigil pansamantala ang function para makapag-download.

## Step 3: Nagsisimula na ang pagdownload

Hintaying matapos ang download.


# Paano i-install ang Zoom

## Step 1: Buksan ang pang-install ng Zoom




Pag natapos ang download, i-click ang Zoom installer sa iyong download folder para mabuksan ito.

## Step 2: Panimula ng pag-install






Pag nabuksan ang installer, awtomatikong magsisimula ang proseso.

## Step 3: Pagkatapos ng pag-install

Hintaying matapos ang pag-install.

Pag natapos na ang pag-install, dapat makita mo ang Zoom icon sa iyong desktop. Kung hindi, buksan ang application folder sa iyong kompyuter at hanapin ang Zoom.



# Paano sumali sa Zoom miting

May dalawang paaran ng pagsali sa zoom. Kung nakatanggap ka ng email mula sa amin, ito dapat ay may link, miting ID, at password. Kung wala kang natanggap na email, i-kontak ang iyong site coordinator.

Inirerekumenda namin na kayo ay sumali sa mga mitings na ito gamit ang link.

## Pagsali sa Miting Gamit ang Invitation Link

### Step 1: Paghanap sa Detalye ng Imbitasyon

I-check ang ipinadalang email mula sa iyong Friends of Simon tutor o site coordinator.


Ganito ang hitsura nito:

> Your Friends of Simon tutor is inviting you to a scheduled Zoom meeting.
>
> Topic: Friends of Simon virtual tutoring
> Time: This is a recurring meeting Meet anytime
>
> Join Zoom Meeting
> https://sfu.zoom.us/j/link
>
> Meeting ID: ### ### ####
> Password: ######

### Step 2: Pagsali gamit ang link

I-click ang link sa email, at ito ay awtomatikong magbubukas ng website sa iyong browser. Maaari ring kopyahin ang link sa iyong browser at pindutin ang enter sa keyboard.


Kapag nabuksan mo na ang link, ganito dapat ang hitsura ng iyong webpage:





I-click ang 'Open Zoom Meetings' para awtomatikong magsimula ang Zoom aplikasyon sa iyong kompyuter. Kung hindi, i-click ang 'click here' text na nakikita sa imahe para masimulan ang miting.

## Step 3: Pagsali ng Meron o Walang Video

Kapag nasimulan ang miting, ikaw ay tatanungin kung gusto mong gumamit ng video o hindi. Hinihikayat namin kayong sumali na may video sa mga miting basta kayo ay nasa angkop na lugar.



## Step 4: Pagpasok sa Waiting Room




Kapag ikaw ay nagdesisyon na sumali ng may video o wala, itutuloy ka ng Zoom application sa 'Waiting Room'.


Dito ka maghihintay pansamantala hanggang ang host tutor mo ay papapasukin ka sa miting.

Habang naghihintay, puede mong i-test ang iyong kompyuter audio sa pag-click ng 'Test Computer Audio' button at sundin ang mga instruksyon na ilalabas.

## Pagsali sa Miting Gamit ang Miting ID at Password


Puede ka ring sumali sa mga Zoom FoS tutoring sessions gamit ang miting ID at password na nakalagay sa email na ipinadala sa iyo ng mga tutor.

### Step 1: Pagsimula ng Zoom Application





I-click ng doble ang Zoom application sa iyong desktop.

Kung hindi mo makita ang icon sa iyong desktop, puede mong hanapin ang Zoom application sa iyong start menu o sa application list:




## Step 2: Pagsali ng Miting

I-click ang 'Join a Meeting' pag nasimulan na ang Zoom application sa iyong kompyuter.



## Step 3: Pag-type ng Miting ID pati Pangalan





Kapag nakita ang ‘Join the Meeting Screen’, i-type ang pangalan at ang miting ID na nakalagay sa email na ipinadala sa iyo.


I-type ang tamang miting ID.

Para sa seguridad, i-type lamang ang unang pangalan sa ‘Enter Your Name’ na kahon.

Kapag natype na ang miting ID at pangalan, pindutin ang ‘Join’ button para makasali sa miting.





## Step 4: Pagtype ng Password




Pag nakaabot na sa “Enter Meeting Password” na screen, i-type ang password na nakalagay sa email na ipinadala sa iyo. I-check na tama ang password na tinatype mo.

Pag natype na ang password ang ‘Join Meeting’ button ay magiging asul. I-Click para makasali sa miting!







## Step 5: Pagsali ng Meron o Walang Video

Kapag nasimulan ang miting, ikaw ay tatanungin kung gusto mong gumamit ng video o hindi. Hinihikayat namin kayong sumali na may video sa mga miting basta kayo ay nasa angkop na lugar.

### Step 6: Pagpasok sa 'Waiting Room'




Kapag ikaw ay nagdesisyon na sumali ng may video o wala, itutuloy ka ng Zoom application sa 'Waiting Room'.

Dito ka maghihintay pansamantala hanggang ang host tutor mo ay papapasukin ka sa miting.

Habang naghihintay, puede mong i-test ang iyong kompyuter audio sa pag-click ng 'Test Computer Audio' button at sundin ang mga instruksyon na ilalabas.